# Intervention measures sa minors na dawit sa droga, palalakasin sa QC

Dahil sa pagdami ng mga kabataang nasasangkot sa kaso ng ilegal na droga, nangako si Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na palalakasin pa ang mga intervention measures sa minors sa lungsod.

"I'm very concerned with the involvement of minors in the illegal drug trade. In fact, we are aware that Quezon City is one of the cities where syndicates and criminals really involve minors in these activities," pahayag ni Belmonte na chairperson ng QC Anti-Drug Abuse Advisory Council (QCADAAC).

Sa record ng NCRPO mula Enero hanggang Hunyo 2018, may kabuuang 27 minors sa QC ang nahuli dahil sa paggamit ng bawal na gamot.

Ang mga kabataang ito anya ay isinasailalim sa intervention ng lokal na pamahalaan upang matulungan at masagip sa masamang bisyo.

"First and foremost, iba dapat ang treatment sa mga bata. We need to have special intervention to rescue young people from the effects of this kind of activity, we will follow the Juvenile Justice and Welfare Act to make sure their rights as minors are protected, and we will take those we have rescued to the Quezon City Social Services Department and to social workers who can give the right intervention program," sabi pa ni Belmonte.

"Iba talaga kapag mga bata na ang pinag-uusapan. Kailangan nating mag-intervene upang masalba ang mga bata habang maaga pa, upang hindi masira ang kanilang kinabukasan,"dagdag ni Belmonte.

Bukod sa pulisya at barangay kasama din ni Belmonte bilang chairman ng QCADAAC, ang simbahan at private sector sa anti-drug campaign sa lungsod. *(Angie dela Cruz)*